# Pinasinungalingan Ako ng anak ni Adan gayong hindi ukol sa kanya iyon.

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya: Nagsabi si Allāh: "Pinasinungalingan Ako ng anak ni Adan gayong hindi ukol sa kanya iyon. Nilait niya Ako gayong hindi ukol sa kanya iyon. Ang pagpapasinungaling niya naman sa Akin ay ang sabi Niya: Hindi Niya ako panunumbalikin gaya ng sinimulan Niya ako. Ang unang paglikha ay hindi higit na magaan sa Akin kaysa sa pagpapanumbalik sa kanya. Ang panlalait niya sa Akin ay ang sabi niya: Nagkaroon si Allāh ng anak. Ako ay ang Isa, ang Dulugan. Hindi Ako nagkaanak at hindi Ako ipinanganak. Walang sa Akin ay naging katulad ni isa."
[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

Ito ay isang ḥadīth qudsīy. Nagpapabatid ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, tungkol sa Panginoon niya, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan, na Siya ay nagsabi: "Pinasinungalingan Ako ng anak ni Adan gayong hindi ukol sa kanya iyon." Nangangahulugan itong: Pinasinungalingan Ako ng isang pangkat sa mga anak ni Adan. Ang tinutukoy rito ay ang mga nagkakaila sa muling pagkabuhay gaya ng mga Mushrik ng mga Arabe at iba pa sa kanila na mga mananamba ng mga diyus-diyusan at mga Kristiyano gaya ng nasa nalalabing bahagi ng ḥadīth. Hindi nararapat sa kanila na magpasinungaling kay Allāh at hindi rin nararapat kay Allāh na pasinungalingan. "Nilait niya Ako gayong hindi ukol sa kanya iyon." Ang panlalait ay ang paglalarawan sa anuman sa pamamagitan ng paghamak at pagmamaliit. Ang tinutukoy ay na ang ilan sa mga anak ni Adan ay naglarawan kay Allāh nang may pagmamaliit sa Kanya. Sila ay kabilang sa naggigiit para kay Allāh ng isang anak, gaya ng tatalakayin. Hindi nararapat sa kanila na magmaliit kay Allāh at hindi rin nararapat kay Allāh na laitin. Pagkatapos ay dinetalye niya ang ang binuod niya, na sinasabi: "Ang pagpapasinungaling niya naman sa Akin ay ang sabi Niya: Hindi Niya ako panunumbalikin gaya ng sinimulan Niya ako." Nangangahulugan itong: Ang pagpapasinungaling naman ng tao sa Panginoon niya ay ipinagpalagay niyang si Allāh ay hindi bubuhay sa kanya matapos ang kamatayan niya, gaya ng paglikha sa kanya sa unang pagkakataon mula sa wala. Ito ay kawalang-pananampalataya at pagpapasinungaling. Pagkatapos ay tumugon Siya sa kanila sa pamamagitan ng sabi Niya: "Ang unang paglikha ay hindi higit na magaan sa Akin kaysa sa pagpapanumbalik sa kanya." Nangangahulugan itong: Ang pagsimula ng paglikha mula sa wala ay hindi higit na madali para sa Akin kaysa sa pagbuhay matapos ang kamatayan, bagkus ang dalawang ito ay magkapantay sa kapangyarihan Ko. Bagkus ang pagpapanumbalik ay higit na madali kadalasan dahil sa pagkakaroon ng pinagmulan ng kayarian at bakas nito. Ang sabi niya: "Ang panlalait niya sa Akin ay ang sabi niya: Nagkaroon si Allāh ng anak." Nangangahulugan itong: Ipinaggiitan nila para sa Kanya ang isang anak. Nagsabi si Allāh (Qur'ān 9:30): "Nagsabi ang mga Hudyo: Si

Ezra ay anak ni Allāh, at nagsabi ang mga Kristiyano: Ang Mesiyas ay anak ni Allāh." Nagsabi naman ang mga Arabe: "Ang mga anghel ay mga babaing anak ni Allāh." Ito ay panlalait kay Allāh, pagkataas-taas Niya, pagmamaliit sa Kanya, at pagbababa sa Kanya sa antas ng mga nilikha. Pagkatapos ay tinugon Niya sila: "Ako ang Isa," ang Namumukod-tanging lubusan sa sarili at sa mga katangian, ang inilalayo sa bawat kakulangan, ang nagtataglay ng katangian ng bawat kalubusan. Ang "Dulugan" ay ang hindi nangangailangan sa isa man ngunit nangangailangan sa Kanya ang bawat isa bukod pa sa Kanya, ang lubos sa lahat ng uri ng karangalan at kapamahalaan. Ang "Hindi ako nagkaanak" ay nangangahulugang: Hindi ako naging ama ng isa man. Ang "at hindi Ako ipinanganak" ay nangangahulugang: Ako ay hindi naging anak ng isa man. Ito ay dahil Siya ay una na walang simula kung papaanong Siya ay huli na walang wakas. Ang "Walang sa Akin ay naging katulad ni isa" ay nangangahulugang: Walang katulad ni katapat para sa Akin. Ang pagkakaila ng pagkakatulad ay sumasaklaw sa pagkakaila sa pagkaama, pagkaanak, pagkaasawa, at iba pa.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/6327

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee